

1

“Congratulations, Hija,” pormal ang mukha na bati ni Mrs. Trava sa anak.

Si Mrs. Yolly Trava, ang kanyang ina, ay siya ring kasalukuyang presidente ng *Trava Model Management Philippines* o ang *TMMP*. Ang kompanya nila ang nag-aasikaso ng fashion events. Mula sa research and planning, pagpili ng tema, mga rarampang modelo, hanggang sa pagtatapos ng fashion show ay tinututukan nila. Dalawang bagay ang dapat nilang siguruhin; una, maging smooth sailing ang daloy ng event at pangalawa, kailangang satisfied ang kliyente.

Tinitigan ni Ayana ang kausap. Hindi ito nakangiti pero hindi rin nakasimangot. Ngunit ipinahihiwatig ng mga salita nito ang katuwaan sa kinalabasan ng fashion show. Sanay na siya sa ganoong personalidad ng ina. Yolly was not the typical loving mother. She had always been cold and distant. Minsan nga nakakalimutan na niyang mag-ina pala sila dahil mas ramdam niya ang pagiging empleyado kaysa sa pagiging anak nito.

May mga panahong pumasok sa isipan niya na baka kaya ganoon ang ina sa kanya ay dahil hindi siya nito tunay na anak. Subalit sa tuwing humaharap siya sa salamin, ang nakikita niya ay ang eksaktong replika ni Yolly noong kabataan nito.

Ipinagpalagay na lamang niyang ipinanganak talaga ito na taglay ang hindi kaibig-ibig na mga ugali. May mga pagkakataon ding isinisasi niya sa ama kung bakit ganoon ang asawa nito, marahil ay kinailangan nitong maging matigas dahil ito ang tumayong ina at ama sa kanya.

Ayon sa nasasagap niyang mga kuwento, malaki raw ang agwat ng edad ng ama niya sa kanyang ina. Nasa cuarenta na raw ang ginoo noong pinakasalan nito ang beinte años niyang ina. Nabuntis ang huli subalit bago pa man siya isilang ay kinuha na ng Lumikha ang kanyang ama. Since then, hindi na muling nag-asawa pa ang mommy niya. Ibinuhos nito ang oras at atensyon sa naiwang negosyo ng asawa at iyon nga ang *TMMP*.

“Thanks, 'My,” tipid niyang tugon.

Tumango ito at tinalikuran na siya. Inihatid-tanaw na lamang niya ang papalayong magulang at nagkibit-balikat kaysa patuloy na pagnilayan ang kanilang odd relationship bilang mag-ina.

Kaagad na hinagilap ng kanyang mga mata ang kinaroroonan ng kaibigang si Tamika. She owed her bigtime! Sinalo nito ang basta na lamang inabandonang trabaho ng modelong dapat ay siyang magsusuot ng pinakabonggang design ng kliyente. Abot hanggang langit ang pasasalamat niya sa kaibigan. Kung hindi dahil dito ay pihadong nasabon siya ng mommy niya.

Nagliwanag ang kanyang mukha nang matanaw ang kanina pa hinahanap ng kanyang mga mata. Kasama nito si Yuri

Dance With The Devil - Ingrid De La Torre

Miyamoto, ang may-ari ng naturang resort kung saan ginanap ang fashion event. Nakatalikod ang mga ito sa kanya. Nakahanda na ang matamis na ngiti sa kanyang mga labi at ang pinagpraktisang dialogue ng pasasalamat para kay Tamika. Ibibuka na lamang niya ang bibig nang mapatda siya sa aksidenteng nasilayan ng kanyang mga mata. Kakatwang pumailanlang pa ang kanta ng *Owl City* na *Deer In The Headlights*.

Tell me again was it love at first sight?

When I walked by and you caught my eye

Did you know love could shine this bright?

Swak sa kanya ang lyrics ng kanta. Sapol siya ng pana ni Cupido. Pinagsawa niya ang mga mata sa lalaking bahagyang nakatagilid. Matangkad ito, six footer! *Inay ko po*, usal niya, sabay sipat sa kanyang sarili. She stood five feet flat. Hindi na masama.

Patuloy siyang nagmasid. *Hmm... chinito*. Ang sabi niya dati ay hindi siya papatol sa lalaking singkit at baka magmukhang Chinese na nalugi ang future babies nila. Kagaya kasi nito, she was also given a pair of slanted eyes, but now, who would care? Kahit na habang-buhay pa niyang sambahin ang mga matang iyon.

Matangos ang ilong ng lalaki na gustung-gusto niyang pisilin

ngayon, and his lips... Aww, she would give anything para lang matikman ang mga labing iyon. Bumaba ang mga mata niya sa matipuno nitong braso.

Syet! Ang biceps, super yummy! sigaw ng utak niya. May fetish pa naman siya sa magagandang biceps.

Hindi niya namalayang napapasiksik na pala siya sa likod ng kaibigan. Mukha namang hindi siya nito pansin. Tamika seemed to be drifting somewhere kasama ng katabi nitong si Yuri. Parang may sariling mundo ang mga ito. Siya rin, mukhang may sarili siyang palasyo nang mga oras na iyon. Ini-imagine niyang siya ang reyna at ang delicious stranger na ito ang hari niya.

Nakasunod lang ang tingin niya sa bawat bukas ng bibig ng pinapantasyang binata. Nanumbalik lang ang kaunting porsyento ng katinuan niya nang makita itong lumakad palayo.

“Teka, where is he going?” natataranta niyang tanong.

Napako sa kanya ang tingin ng dalawang lovebirds. Saka lang niya na-realize kung ano ang namutawi sa kanyang matabil na bibig. Nag-init ang kanyang tainga.

“Tinamaan ang ale,” tukso ni Tamika sa kanya.

Wala namang saysay ang mag-deny pa. Buking na siya. Caught in the act pa nga.

“Ang guwapo niya, 'no?” hindi niya napigilang puri sa lalaking kaagad na bumihag sa kanyang puso.

Dance With The Devil - Ingrid De La Torre

Yuri chuckled. “Gusto mo ipakilala kita?” alok nito sa kanya. A very tempting offer but no. Kung seksi lang siguro siya kagaya ni Tamika ay papayag kaagad siya, ang kaso ay siksik siya sa taba.

Maraming nagsasabing maganda raw siya, ngunit sumablay lang sa departamento ng katawan. Kung bakit naman kasi naging best friend forever pa niya ang pagkain? Puwede na sana ang face, huwag lang bumaba sa body at siguradong tagilid na ang laban.

“No, thanks,” tigas-tanggi niya kahit na may bahid ng panghihinayang ang boses.

Nagsalubong ang mga kilay ng binata. “Sigurado kang ayaw mo? Suwerte ka na ngang may backer ka pa. Hindi lahat ng babae ay nakakalapit sa chinitong iyon.”

Sunud-sunod ang iling ni Ayana at ininguso ang layers ng bilbil niyang bakat na bakat sa kanyang bright pink blouse. “Pero may hihilingin sana akong pabor sa ’yo.”

“Kung kaya kong ibigay, bakit hindi? Ano iyon?” naiintrigang tanong ni Yuri.

“Can I ask for his number?”

Parang timang lang na nakatitig sa cellphone si Ayana. Maghahatinggabi na pero hindi pa rin siya dalawin ng antok. Kanina pa siya nakahiga sa malambot niyang kama at kayakap ang paborito niyang teddy bear, her Baby Mucho.

For the nth time, napabuntong-hininga siya. Saulado na niya ang numero ni Colton. The gorgeous hunk who captured her heart at first sight, Colton Lee. He was half-Chinese. So that explained the chinky eyes. Inulit-ulit pa niya ang pangalan ng binata sa kanyang utak at mariing napapikit, sabay kabig ng cellphone sa kanyang dibdib. Impit siyang napatili sa sobrang kilig na nararamdaman.

“Ite-text ko ba siya?” tanong niya sa sarili, para na siyang sirang plaka. Kanina pa niya iyon tinatanong sa sarili, pero mahigit dalawang oras na ang lumipas ay wala pa rin siyang mabuong desisyon sa kanyang utak. Sa huli ay napagpasyahan niyang mag-send ng blank message sa binata. Nanginginig ang kanyang mga kamay na mahigpit ang pagkakahawak sa aparato. She waited for his reply pero hindi iyon dumating. Kalahating oras na ang nagdaan ay wala pa rin siyang natanggap na message mula rito.

Hi! Can you be my friend? Napaismid siya matapos basahin ang nabuong mensahe. Ano ba naman iyan? Inaamag na ang linyang naisipan niyang gamitin. Mabilis niyang binura ang ginawang mensahe. She rolled her eyeballs heavenwards. “Dapat witty. Dapat iyong kukuha sa interes ni Colton,” paalala niya sa sarili. Katakut-takot ang ginawa niyang pagpiga sa utak, pero ang ending ay simpleng *‘Hi, cutiepie’* lang ang nai-text niya rito.

Muli siyang naghintay. Ten minutes... thirty... forty-five... one hour. Napabuga siya ng hangin. Wala yata sa bokabularyo ni Colton ang salitang *‘textmate’*. Hindi kasi nito makuhang mag-

reply kahit na isang beses lang. Naiinis na muli niyang dinampot ang cellphone na isinuksok niya sa ilalim ng unan.

In-scroll niya ang phonebook hanggang makita ang contact na nagpapabilis sa tibok ng kanyang puso—*Baby Coe*. Ito ang naisipan niyang ipangalan sa binata. Colton was her baby and hers alone. Pinindot niya ang call button. Pigil-pigil niya ang paghinga habang pinakikingan ang patuloy na pag-ring sa kabilang linya.

“Hello? Who’s this?”

Nalusaw ang mga buto niya sa katawan nang marinig ang baritonong boses na iyon ng binata. She felt her lips quivered. Mabilis niyang pinutol ang tawag at tila napasong binitiwang ang cellphone. Nasapo niya ang magkabilang tainga. Naramdaman niyang nag-iinit ang mga iyon at siguradong namumula.

Napapitlag siya nang biglang tumunog ang message alert ng kanyang cellphone. Pinaghalong antisipasyon at kaba ang naglalaro sa kanyang dibdib. Atubili niyang dinampot ang aparato. May ‘one new message’ roon. Binasa niya ang natanggap na mensahe para lang mapangiwi.

Stop bothering me. Do me a favor, go to hell!

Napasimangot siya. *Suplado*, ingos ng utak niya but then again, naisip niyang na-bad trip siguro ito sa pangungulit niya. Napasulyap siya sa bedside clock at dagli siyang napangiwi nang matanto kung anong oras na; alas dos ng madaling-araw. Hindi nakapagtata kang magalit sa kanya si Colton dahil iniistorbo niya

ito sa oras ng pagtulog.

Naiinis niyang ibinaon ang mukha sa puting unan. Pinagsusuntok niya ang kama. Nanggigigil talaga siya sa kanyang sarili. Ipinikit niya ang mga mata at nag-isip ng magandang pakulo upang makuha ang interes ng binata.

Sorry 4 bothering u. Nagising b kta?

Nakagat ni Ayana ang labi nang makita ang ‘message sent’ at parang noon lang siya natauhan. Nais niyang ipukpok ang ulo sa semento. Siyempre, nagising niya ang binata. Hindi naman siguro kayang mag-text at tumanggap ng call ang isang taong naglalakbay sa dreamland.

Magdamag niyang inantabayanan ang reply ni Colton. Ilang beses ding natukso siyang muling padalhan ito ng mensahe, pero siya na rin ang pumigil sa sarili.

Napangiwi si Ayana nang masilayan ang repleksyon sa salamin ng banyo. Nangingitim ang palibot ng mga mata niya at kababakasan ng pagod ang kanyang mukha. Hindi kasi siya gaanong nakatulog. Kalat na ang liwanag sa kalangitan ay gising pa rin ang kanyang diwa. Nagbilang na siya ng tupa, nagbasa ng libro at dalawang beses na uminom ng mainit na gatas, subalit hindi nakatulong ang mga iyon para hilahin siya ng antok.

Matapos niyang mag-shower ay namili siya ng damit. Isang

Dance With The Devil - Ingrid De La Torre

maliwanag na neon green t-shirt na may nakaguhit na pink rabbit sa gitna at floral skirt na lampas-tuhod ang haba ang napili niyang isuot. Maraming tao ang pumupuna sa wardrobe niya. Masakit kasi sa mata ang mga tipo niyang kulay ng damit na may mga kengkoy pang design. Kibit-balikat lang ang reaksiyon niya sa mga ito.

Beinte-tres años na siya, but she was still a child at heart. Para siyang batang na-trap sa katawan ng isang matabang babae.

“Lalo yatang sumikip ang shirt ko,” puna niya sa damit. Humarap siya sa vanity mirror at sinipat ang sarili pakaliwa at kanan. Nanghahaba ang nguso niya habang pinipisil ang layers ng bilbil sa kanyang tiyan. Dahil sa patuloy niyang pagdagdag ng timbang ay nagiging hapit na ang karamihan sa kanyang mga damit.

Itinatak na lamang niya sa utak na kailangan na niyang bumili ng bagong mga damit. Iyon lang at mabilis na siyang bumaba sa *Blue Grills*, ang kilalang restaurant sa *Ceu Praia Resort*.

Kaagad niyang nilantakan ang lechong manok na in-order hustong mailapag ito sa mesa niya. Nakaubos siya ng dalawang rice, whole fried chicken at isang pitsel ng orange juice. Bundat na bundat ang kanyang tiyan nang lisanin niya ang naturang kainan.

Pagkalabas niya ng *Blue Grills* ay dumerecho siya sa ice cream shop at nag-order ng banana split. Napapangalahati na niya ang dessert nang matanaw niya ang pamilyar na pigurang

Dance With The Devil - Ingrid De La Torre

nakatayo sa harap mismo ng ice cream shop. Nakatalikod ito sa kanya at may kausap sa cellphone. Hindi pa man niya nakikita ang hitsura nito ay sigurado na siyang si Colton ang lalaking iyon sapagkat kilalang-kilala niya ang likod nito.

Tila may sariling utak ang kanyang mga paa na naglakad palapit sa kinaroroonan ng binata. Hindi na siya aware kung ano ang mga nangyayari sa paligid. Ang malinaw lang sa kanya ngayon ay ang malakas na tibok ng puso niya at ang lalaking matikas na nakatayo ilang hakbang lamang ang layo mula sa kanya.

“Aray!” impit niyang tili nang bumangga ang kaniyang katawan sa malapad nitong likod. Hindi niya napansing walang preno pala ang paglalakad niya. Nadutdot ang kanyang ilong sa damit nito. *Wow, ang bango!*

“Are you okay?” lingon nito sa kanya, bahagya pang hinawakan ang braso niya. Iniisip marahil nito na nawalan siya ng balanse.

She smiled sweetly. “Yes, I’m fine.” Namagneto ang kanyang mga mata sa mukha ng kausap. First time niya itong masilayan sa malapitan. Kung guwapo ito sa nakatagilid na anggulo ay mas guwapo pala ito kapag nakaharap.

“Good to hear that. Sige, I’ll go ahead.”

“Wait lang.” Nangunyapit siya sa laylayan ng blue beach shirt nito. Sinalubong niya ang nagtatanong nitong mga mata.

“H-hindi mo ba ako natatandaan?” lakas-loob niyang tanong. Hindi na niya inisip ang mga bilbil sa katawan, tinapon na muna niya ang hiya. Hindi rin pala niya kayang hindi ito lapitan.

Lalong napuno ng katanungan ang mga mata ni Colton. “I’m sorry,” tanging sabi nito.

“Nagkita na tayo noong fashion event. Kaibigan ako ni Tamika, ’yong modelo, remember?”

“Tamika, yes, ang modelo. I remember her. Naipakilala ba tayo sa isa’t isa?”

She promptly shook her head. “No, unfortunately not. We weren’t properly introduced. Ako nga pala si Ayana Trava at ikaw si Colton Lee, tama?”

“Kilala mo na pala ako. Well, nice to meet you, Miss...?” Sa malas, hindi kaagad nag-register sa isip nito ang kanyang pangalan.

“Ayana Trava.”

“Yes, sorry. Miss Ayana Trava. Paano, Ayana, mauna na muna ako sa ’yo. May importante pa akong aasikasuhin,” paalam nito at mabilis na tumalikod.

Napasimangot siya. Sana ay tinanggap na lang niya ang offer ni Yuri na ipakilala siya kay Colton. Mukha ngang mailap ang chinitong hunk. Inamuy-amoy niya ang sarili. *Mabango naman ako, ah*. Lalo tuloy siyang nanlumo. Apparently, hindi interesado

Dance With The Devil - Ingrid De La Torre

sa kanya ang binata.